7

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 4: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Jinky R. Victorio (Malabon National High School)

**Tagasuri:**

- Portia R. Soriano (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 4/ BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| *A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya |
| B. Mga Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong sa pagpapahalaga sa papel ng ASEAN tungo sa pagkakaisa at pagharap sa hamon ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya |
| C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | *LC: Natatalakay ang layunin, kasaysayan, estruktura, at ilang tagumpay ng ASEAN*<br>Mga Kasanayan:<br>1. Natatalakay ang kasaysayan ng pagkakabuo, pagkakatatag, at kasapian ng ASEAN mula sa global at rehiyunal na perspektibo.<br>2. Nasusuri ang mga layunin ng pagkakatatag ng ASEAN ayon sa kasalukuyang kalagayan nito.<br>3. Natutukoy ang mga Sangguniang Pamayanan ng ASEAN at naipaliliwanag ang mga gampanin nito.<br>4. Naiisa- isa ang mga tagumpay ng ASEAN sa pagkamit ng kaunlaran at kapayapaan sa rehiyon bilang kabagi ng mga sumusunod na kasunduan/deklarasyon: (a) Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN), (b) Declaration of ASEAN Concord, (c) ASEAN Free Trade Area (AFTA,) at ASEAN Economic Community (AEC),<br>(d) Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ), (e) ASEAN Vision 2020 |
| D. Nilalaman | A. Ang Pagkakatatag ng ASEAN |

| | |
|---|---|
| | 1. Pagsilang at Pag-unlad ng Panloob at Panlabas ng Rehiyonal na Ugnayan ng ASEAN (Rise and development of inter- and intra- regional relationships of ASEAN)<br>a. Layunin<br>b. Kasaysayan<br>c. Estruktura (Coordinating & Community Council)<br><br>2. Mga Tagumpay ng ASEAN sa pagkamit ng Kaunlaran at Kapayapaan sa Rehiyon (a) Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN) (b) Declaration of ASEAN Concord, (c) ASEAN Free Trade Area (AFTA) at ASEAN Economic Community (AEC),<br>(d) Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ), (3) ASEAN Vision 2020 |
| E. Integrasyon | Sustainable Development Goals (SDG 16 – Peace, Justice, and Strong Institutions) promoting peaceful and inclusive societies for sustainable development, provide access to justice for all and build effective, accountable, and inclusive institutions at all levels |

## II. MGA SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Ang Saligang Batas ng ASEAN. (n.d.). https://www.asean.org/wp-content/uploads/images/archive/AC-Philippines.pdf

ASEAN at the crossroads: "Progress towards SDG Targets by 2030." (n.d.). https://www.eria.org/news-and-views/asean-at-the-crossroads-progress-towards-sdg-targets-by-2030/

ASEAN Economic Community | ASEAN Investment. (n.d.). https://investasean.asean.org/asean-economic-community/view/

ASEAN integration Sa pagpapaunlad Ng wikang Filipino at ang epekto nito. (2018, January 1). Academia.edu - Share

Association of Southeast Asian Nations. (2012, June 28). ASEAN Vision 2020 https://asean.org/asean-vision-2020


Association of Southeast Asian Nations. (2012, May 14). The Declaration of ASEAN Concord, Bali, Indonesia, 24 February 1976 https://asean.org/the-declaration-of-asean-concord-bali-indonesia-24-february-1976/

from https://www.asean.org/wp-content/uploads/images/archive/AC-Philippines.pdf

research. https://www.academia.edu/39810675/ASEAN_Integration_sa_pagpapaunlad _wikang_Filipino_at_ang_epekto_nito

Saligang batas ng ASEAN. (n.d.). ASEAN. Retrieved February 26, 2024,

The Miracle of Asia. Dir. James Wiffen. Bournemouth University, 16 Apr. 2010. Web. 13 May 2011.n.d.) https://www.asean.org/wp-content/uploads/images/archive/AC-Philippines.pdf

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>
1. Maikling Balik-aral<br>
Paksa: Mga hamon sa pagkabansa ng mga bansa sa pangkapuluang Timog Silangang Asya<br><br>
Gawain 1: Hamon sa TSA<br>
Panuto: Sa tulong ng graphic organizer, isulat ang mga hamong kinaharap ng rehiyon ng Timog Silangang Asya sa aspetong pangkabuhayan, politikal, at panlipunan.<br><br>

<br>
Pamprosesong Tanong:<br>
1. Ano ano ang naging hamon sa pagkaban sa pangkapuluang TSA sa larangan ng pangkabuhayan, pampulitika, at panlipunan?
</td><td>
Ang paggamit ng Concept Map ay makagagabay sa iyo sa paghimay ng malalaking ideya upang mapababaw ang malalaim na konsepto. Maaari rin gumamit ng iba pang pantulong na estratehiya bukod rito na ayon sa kaangkupan sa konsepto tinatalakay.<br><br>
Ang Timog Silangang Asya ay kumaharap sa hamon ng pagkabansa kabilang na rito ang hamong pangkabuhayan, politikal, at panlipunan.
</td></tr>
</table>

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Gawain:Suri-Simbolo**

Panuto: Ang guro ay magpapakita ng isang larawan. Itatanong niya sa mag- aaral ang isinasaad ng larawan at ang kaugnayan nito sa tatalakaying aralin.



| A | E | I | O | U |
|---|---|---|---|---|

1. Tumutukoy sa mga ideya, kinagawian, paniniwala, at kilos ng tao o grupo ng mga tao sa isang lipunan.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | 😆 | S | Y | 😆 | - | K | 😮 | L | T | 😮 | R | 👍 | L |

2. Ito ay lupon ng mga pulo o katubigan na kagaya ng Pilipinas- Arkipelago/Pulo.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 👍 | R | K | 🥰 | P | ❤️ | L | 👍 | G | 😮 |

3. Ito ay sangguniang sasaklaw sa mga kaugnay na mga Lupong Tagapagsagawa Pansektor ng ASEAN sa larangan ng pangkaligtasan, pangkabuhayan at pangsosyo- kultural. palitan yung 3 – pamayanan

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | 👍 | N | G | G | | N | | 👍 | N | G | | P | 👍 | M | 👍 | Y | 👍 | N | 👍 | N |

Maaari ring kumuha ng iba pang larawan na makapupukaw sa interes ng mga mag- aaral tungkol sa ASEAN.

Maaari ring gumamit ang guro ng Timeline ng mga bansang orihinal na kasapi ng ASEAN, at mga bansang sumapi nang kalaunan.




Karaniwan nang maiuugnay ang paghahawak kamay sa konsepto ng pagtutulungan at pagkakaisa.

Ang paggamit ng “emoticon keys” ng facebook ay makatutulong sa mga guro sa pag-decode. Gayundin rin ang pagbibigay interpretasyon at kahulugan sa salitang nabuo sa decoding.
Maaari ring gumamit ng A:Z o A:1 decoding.

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Pagsilang at Pag- unlad ng Panloob at Panlabas ng Rehiyonal na Ugnayan ng ASEAN**<br><br>**Pagkakatatag ng Association of SouthEast Asian nations o ASEAN**<br>Ang Association of SouthEast Asian Nations o ASEAN ay isang kapisanang binubuo ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. Itinatag ito noong Agosto 8, 1967 sa pamamagitan ng Deklarasyon sa Bangkok kung saan ang Indonesia , Malaysia , Pilipinas , Singapore  at Thailand  ang mga bansang unang naging kasapi nito. Nang nakita ng ibang mga bansa sa Timog Silangang Asya ang Kabutihan ng pagiging kasapi ng ASEAN, kalaunan, ang mga bansang Brunei , Vietnam , Laos  Myanmar  at Cambodia  ay sumapi na rin dito. Noong Hulyo 23, 2006 sa ilalim ng pamumuno ng Pangulo ng Timor Leste na si José Ramos-Horta, pormal siyang lumagda sa kasunduan ang maging kasapi sa loob ng limang taon. Samantala, ang Papua New Guinea ay kasalukuyang nasa katayuang tagamasid mula 1976.<br><br>**Mga Layunin ng ASEAN**<br><br>Layunin ng samahang ito na maitaguyod ang paglago ng ekonomiya, kaunlarang panlipunan, pagsulong ng kultura ng mga kasapi, at pagpalaganap ng kapayapaang panrelihiyon.<br><br>Ang mga bansang kasapi ng ASEAN ay nakapagpatibay ng mga pangunahing layunin para sa pakikipag- ugnayan ng bawat isa. Pinagtitibay ng mga kasapi ng ASEAN ang sumusunod na layunin:<br><br>1. Mapanatili at mapangalagaan ang kapayapaan, katiwasayan at katatagan at higit pang mapalakas ang mga pinahahalagahang simulain, tungo sa kapayapaan sa rehiyon;<br>2. Magkaroon ng higit na katatagang panrehiyon sa pamamagitan ng pagtataguyod ng higit pang pagtutulungang pampulitika, pangkaligtasan, pangkabuhayan at pangkultura;<br>3. Mapanatili ang Timog Silangang Asya bilang isang Sonang Malaya sa Sandatang Nukleyar at malaya sa lahat ng iba pang sandatang pangwasak ng sangkatauhan; | Banggitin ng guro sa bahaging ito na may mga pandaigdigan at rehiyunal na salik o pangyayaring nagbunsod ng pagkakatag ng ASEAN. Mahalagang mabanggit din na ang Pilipinas ay isa sa mga bansang kasaping unang nagtatag ng ASEAN o tinatawag na founding members.<br><br>Maaring ipakita ng guro ang mapa at hayaan ang mga batang ituro ang unang mga naging kasaping bansa ng ASEAN.<br><br>Ipaliwanag o bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtatatag ng rehiyunal na samahan tulad ng ASEAN. Upang lalo pang maunawaan ang kahalgahan nito ay tatalakayin naman ang mga layunin ng ASEAN.<br><br>Para sa bahaging ito, maaring tumawag ang guro ng mga mag-aaral upang basahin ang layunin at ipaliwanag ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawang patunay ( hal. Paano pinangangalagaan ng ASEAN ang kapayapaan at katiwaysan sa Timog Silangang Asya? |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Matiyak na ang mga mamamayan at mga Kasaping Bansa ng ASEAN ay nabubuhay nang mapayapa kasama ng iba pang bansa sa kalakhang mundo sa isang kapaligirang makatarungan, malaya at nagkakasundo;<br>5. Magkaroon ng isang pamilihan at pundasyon ng produksyon na matatag, maunlad, nakikipagsabayan ng galing at kabilang sa larangang pangkabuhayan, na may mabisang pamamaraan para mapadali ang pangangalakal at pamumuhunan, na may malayang daloy ng kalakal, serbisyo at puhunan, pinadaling pagkilos ng mga mangangalakal, mga propesyunal, mga talent at manggagawa; at may mas malayang daloy ng puhunan;<br>6. Pababain ang antas ng kahirapan at paunlarin ang mga bansang ASEAN sa pamamagitan ng pagdadamayan at pagtutulungan;<br>7. Patatagin ang demokrasya, pag-ibayuhin ang mabuting pamamahala at kapangyarihan ng batas, at itaguyod at ipagtanggol ang mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan, nang may pagsasaalang-alang na gaya ng nararapat sa mga karapatan at pananagutan ng mga Kasaping Bansa ng ASEAN;<br>8. Matugunang mabuti, alinsunod sa simulain ng masaklaw na seguridad, ang lahat ng uri ng pananakot, mga krimeng nagaganap at mga hamon na umiiral sa labas ng bansa;<br>9. Itaguyod ang maipagpapatuloy na kaunlaran upang matiyak ang pangangalaga sa kapaligiran ng rehiyon, ang patuloy na paglago ng likas na yaman, ang pagpapanatili sa pamanang pangkultura at ang mataas na uri ng buhay ng mga mamamayan nito;<br>10. Paunlarin ang yamang tao sa pamamagitan ng mahigpit na pagtutulungan sa edukasyon at habambuhay na pagkatuto, at sa agham at teknolohiya para mabigyang kapangyarihan ang mga mamamayan ng ASEAN at mapalakas ang Pamayanang ASEAN;<br>11. Pabutihin ang kalagayan at kabuhayan ng mga mamamayan ng ASEAN sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pantay na pagkakataon para sa kaunlarang pantao, kagalingan at katarungang panlipunan;<br>12. Palakasin ang pagtutulungan sa pagtatatag ng isang kapaligirang ligtas, matiwasay at malaya sa ipinagbabawal na gamot para sa mga mamamayan ng ASEAN; | Hindi kinakailangang talakayin ang lahat ng mga layunin dahil ang susunod na gawain ay magbibigay sa kanila ng pagkakataong ilapat ang layunin sa mga balitang. |

13. Magtaguyod ng isang ASEAN na may oryentasyong pantao, na ang lahat ng sektor ng lipunan ay hinihikayat na lumahok at makinabang sa proseso ng pagiging kabilang ng ASEAN at pagtatayo ng pamayanang ASEAN;
14. Maitaguyod ang isang pagkakakilanlang ASEAN, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng higit na kamalayan sa iba't ibang kultura at pamana ng rehiyon; at
15. Panatilihin ang aktibong bahaging ginagampanan ng ASEAN bilang isang pangunahing lakas na nagtutulak sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan nito sa iba pang mga kasamahan sa labas sa isang kaayusang panrehiyon na lantad, malinaw at masaklaw.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

**Gawain 1: Suring-Balita**

Panuto: Batay sa mga natalakay na layunin ng ASEAN, ang klase ay mahahati sa limang pangkat. Suriin ang mga naitalagang balita ng bawat pangkat alinsunod sa layunin ng ASEAN.

1. ASEAN Member-states suportado ang posisyon ng Pilipinas sa maraming aspeto sa isyu sa South China Sea.




2. Tugon ng ASEAN sa Climate Change.



3. Nagkakaisang pahayag hinggil sa pagtataguyod ng kaligtasan ng kababaihan sa ligtas, at mapayapang ASEAN.



4. Regional Collaboration at paglago ng ekonomiya, bibigyang-diin sa ika-56 na anibersaryo ng ASEAN.




Pandagdag babasahin para sa kaalaman ng guro: https://theaseanpost.com/article/asean-should-be-people-focussed

Maaring bisitahin ang mga artikulo at balita sa link na ito.

1. GMA Integrated News. (2023b, September 7). ASEAN member states, suportado ang posisyon ng Pilipinas sa maraming aspeto sa isyu sa. . . | 24 Oras [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=X7RH3PL9_t4
2. Faridz, D. (2023, October 5). Facing climate change, ASEAN starts cooperating on regional Power-Sharing grid. Voice of America. https://www.voanews.com/a/facing-climate-change-asean-starts-cooperating-on-regional-power-sharing-grid/7297628.html


5. Pilipinas, makikinabang sa Free Trade Agreement sa pagitan ng ASEAN at ng ibang bansa.



Mga Pamprosesong tanong:

1. Tungkol saan ang balita?
2. Paano nasasalamin ng mga balitang ito ang mga layunin ng ASEAN?

**Gawain 2: MAPA-pahanap ka**
Panuto: Pagtapat-tapatin ang mga bansa sa Timog Silangang Asya sa mapa at deskripsyon na akma rito. Isulat ang mga titik ng tamang sagot bago ang bawat bilang.



Tanong:

1. Sa iyong palagay, ano-anong mga bansa kaya ang unang nagtatag ng ASEAN?
2. Anong bansa ang pinakabagong kasapi ng ASEAN?
3. Ang Timor-Leste ba ay kasapi na ng ASEAN?


**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 1: Jigsaw Puzzle na May Fact or Bluff**
Panuto: Buuin ang puzzle pieces sa loob ng sobreng ibibigay sa bawat pangkat. Kapag nabuo ng puzzle, sisigaw ang grupo ng ASEAN . Hudyat ito para basahin ng guro ang isang pahayag na susuriin ninyo kung Fact o Bluff. Kapag nasagot ninyo ito ng tama, bibigyan kayo ng 2 puntos- 1 para sa puzzle na nabuo at 1 para sa tamang sagot.

Mga Pahayag:

1. Ang ASEAN Summit ay dinadaluhan ng mga pinuno ng bansang kasapi ng ASEAN at idinaraos isang beses sa loob ng isang taon.


3. ASEAN. (2016). Joint Statement on Promoting Women, Peace and Security in ASEAN. https://asean.org/wp-c ontent/uploads/2022/02/ARF-WPS-Statemen t_FINAL-00000002.pdf
4. PTV Philippines. (2023b, August 9). Regional collaboration at paglago ng ekonomiya, bibigyang-diin sa ika-56 anibersaryo ng ASEAN [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=mq8yi4SKdq8
5. PTV Philippines. (2017b, August 4). Pilipinas, makikinabang sa Free Trade Agreement sa pagitan ng #ASEAN at iba pang bansa [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=WzVVj3iNTVA

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ang kasalukuyang Secretary General ng ASEAN ay nagmula sa bansang Vietnam.<br>3. Ang ASEAN ay naitatag noong taong 1965.<br>4. Ang Pilipinas ay isa sa limang bansang unang nagtatag ng ASEAN.<br><br><br>**Organisasyong Estruktural ng ASEAN**<br><br>Ang Kapulungang ASEAN (ASEAN Summit)ay binubuo ng mga namumuno ng bansa o pamahalaan ng mga kasaping bansa. Ang kapulungang ito ng ASEAN ay ang pinakamataas na lupon na bumabalangkas ng patakaran ng ASEAN, nag-uusap, nagbibigay ng gabay pampatakaran at nagpapasya sa mahahalagang usaping nauugnay sa pagkamit ng mga layunin ng ASEAN at sa mahahalagang usaping gustong maliwanagan ng mga kasaping bansa. Kasama rin sa mga pinag-uusapan ang lahat ng mga suliraning isinasangguni dito ng Sangguniang Tagapag-ugnay ng ASEAN ( ASEAN Coordinating COuncil) at ng mga Sangguniang Pamayanan ng ASEAN (ASEAN Community Councils).<br><br>Sa inyong palagay, ano-anong mga suliranin sa Timog-Silangang Asya ang dapat isangguni sa Kapulungang ASEAN?<br><br>Ang mga Pagpupulong ng ASEAN ay idaraos nang dalawang beses sa loob ng isang taon, kung saan tumatayong punong-abala ang kasaping bansa na nanunungkulan bilang Tagapangulo ng ASEAN. Ang kasalukuyang tagapangulo ng ASEAN ang siyang nagtatakda ng petsa ng pulong nang may pagsangguni sa mga kasaping bansa. Ang bansang kinakatawan ng Tagapangulo ang nagsisilbing host ng pulong o summit. | Estratehiya: Jigsaw Puzzle Mahahati sa apat na pangkat ang klase. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng sobreng naglalaman ng puzzle pieces. Matapos mabuo ang puzzle, sisigaw sila ng ASEAN. Babasahin ng guro ang isang pahayag at sasabihin nila kung ito ay fact or bluff.<br>Kapag nasagot nila ito ng tama, bibigyan sila ng 2 puntos- 1 para sa puzzle na nabuo at 1 para sa tamang sagot.<br><br>1. Bluff<br>2. Fact<br>3. Bluff<br>4. Fact<br><br>Pagkatapos ng gawain at naitala na ang mga puntos sa bawat pangkat, itatanong ng guro ang mga pamprosesong tanong. |

Alam nyo ba na noong taong 2017 ay nakuha ng Pilipinas ang ASEAN Chairmanship? Nataon din ito sa ika-50 taon ng pagkakatatag ng ASEAN.

Ang mga Sangguniang Pamayanang ASEAN ay binubuo ng 1. Sangguniang Pamayanang Pangkaligtasang Pulitikal ng ASEAN o ang ASEAN Political Security Community, 2. Sangguniang Pamayanang Pangkabuhayan ng ASEAN Economic Community Council at ang Sangguniang Pamayanang Sosyo-Kultural ng ASEAN o ang ASEAN Socio-Cultural Community.

Bawat isa sa mga ito ay may mahalagang gampanin. Halimbawa, tungkulin ng AECC maglatag ng mga hakbangin o paraan upang malutas o maiwasan ang mga hamon ng globalisasyon o pandaigdigang kalakalan. Samantala, ang APSC naman ay tumutulong na panatilihing mapayapa at ligtas ang rehiyon. Sinsikap naman ng ASCC na maitaguyod at mapanatili ang mapagkalinga at mapagmalasakit na lipunan at ugnayan sa ASEAN.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 1: Panonood ng Video**

Panoorin ang maikling documentary video tungkol sa 3 Pillars of ASEAN



ASEAN&BEYOND EP3 The 3 pillars of ASEAN

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa napanood ninyong video, ano ang mga nabanggit na tagumpay ng ASEAN batay sa tatlong haigi o 3 Pillars nito?

**Gawain 2 : Mga Tagumpay ng ASEAN sa Pagdaan ng Panahon, Tungo sa Kaunlaran, Kapayapaan sa Rehiyon**

Panuto: Katulong ang inyong pangkat, gumawa ng maikling rap o kaya naman ay caricature/komik istrip na naglalarawan ng ilan sa mga naging tagumpay ng ASEAN.

**Kaugnay na Paksa 2: Mga Tagumpay ng ASEAN sa pagkamit ng Kaunlaran at Kapayapaan sa Rehiyon**

**Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN)**

Mula sa mga pamprosesong tanong ay ilalahad ng guro ang organisasyong estruktural ng ASEAN. Bibigyang-diin ng guro na tulad ng mga haligi o posteng sumusuporta sa isang bahay o estruktura upang manatili itong matatag, ganoon din ang gampanin ng tatlong Sangguniang Pampamayanan o Community Councils ng ASEAN.

Dagdag pa rito, babanggitin din ng guro ang ASEAN Coordinating Council at ang ASEAN Summit.

Karagdagang gabay sa guro: Maaring magsingit ng tanong o karagdagang kaalaman sa bawat talata

| | | |
|---|---|---|
| | Ang Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN) ay isang deklarasyong nilagdaan ng Foreign Ministers ng mga kasaping bansa ng ASEAN (Indonesia, Malaysia, the Philippines, Singapore, and Thailand noong Nobyembre 27, 1971 sa Kuala Lumpur, Malaysia. Layunin nito na ang Timog Silangang Asya ay maging rehiyon ng kapayapaan, kalayaan at malayo sa anumang panganib na dulot ng hindi pagkakaunawaang politikal ng mga bansang kasapi at lalo na ng mga makapangyarihang bansa tulad ng USA, Russia at China. Inaasahan na ang mga kasaping bansa ay walang kakampihan at mananatiling neutral bagamat ang ZOPFAN ay naitatag sa panahon ng Cold War.<br><br>**Declaration of ASEAN Concord**<br><br>Ang Declaration of ASEAN Concord ay ginanap sa Bali, Indonesia noong Pebrero 24, 1976 sa pangunguna ng mga pinuno ng mga bansang kasapi ng ASEAN; ang Pangulo ng Indonesia, Punong Ministro ng Malaysia, Pangulo ng Pilipinas, Punong Ministro ng Singapore at Punong Ministro ng Thailand. Kinilala rin dito ang Deklarasyon ng Bandung, Bangkok at Kuala Lumpur, maging ang Kasunduan ng mga Nagkakaisang mga Bansa. Layunin ng deklarasyong ito na isulong ang kapayapaan, pagsulong at pag- unlad, at ang kabutihan ng mga mamamayan ng mga bansang kasapi ng ASEAN.<br><br>Hayag ang tagumpay at paglawak ng ASEAN sa larangan ng kaisahang pangkabuhayan, panlipunan, kultural, at pangangailangang politikal. Ang mga kasaping bansa ng Timog Silangang Asya ay may sama- samang pagkilos sa pagsusulong ng kapayapaan batay sa magkatuwang na pagsisikap na mapairal ang paggalang at kapakinabangan upang maiwasan ang pagbangon ng mga isyu at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga bansa. Sa Bali Concord II (2003) pinag- usapan ang pamayanang ASEAN batay sa pag- unlad sa larangan ng pampolitika, pangkaligtasan, pangkabuhayan, at sosyo- kultural.<br><br>**Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ)**<br><br>Noong Disyembre 15, 1995, nilagdaan ng mga kasaping bansa ng ASEAN ang Kasundun na tinawag na Southeast Asia Nuclear Weapon-Free Zone (SEANWFZ Treaty) bilang pangako na pangalagaan ang rehiyon ng Timog Silangang Asya bilang isang rehiyon na walang nukleyar at iba pang mga sandata na maaaring magdulot ng malawakang pinsala. Ang tratadong ito ay kilala rin bilang Kasunduan sa Bangkok. Sa pamamagitan ng kasunduang ito, muling pinagtibay ng ASEAN ang kahalagahan ng kasunduan na Non- Proliferation of Nuclear Weapons (NPT) sa pagpigil sa paglaganap ng mga sandatang nukleyar at sa pag-ambag tungo sa pandaigdigang kapayapaan at seguridad. Ito rin ay tanda ng pagtatatag ng isang Nuclear Weapon-Free Zone (NWFZ) sa Timog Silangang Asya | Maaring mabisita ang video gamit ang link na ito:<br>NBT WORLD. (2023, February 25). ASEAN & Beyond 2023 EP.5 The 3 pillars of ASEAN : Economic Community [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=8X3z-b_pRSE |

bilang isa sa limang NWFZ sa mundo. Ang apat pang bansa na may NWFZ ay nasa Latin America at Caribbean, South Pacific, Africa, at Central Asia.

Malugod na tinatanggap ang mga pamamaraan ng SEANWFZ Treaty sa pamamagitan ng paglagda at maagang pagratipika ng mga bansa sa Nuclear Weapon States (NWS), na mag- aambag sa pagsulong ng pagsasakatuparan ng isang sonang walang armas nukleyar sa Timog Silangang Asya. Ang mga pagsisikap ay isinasagawa patungo sa pagsali ng NWS sa protocol.

**ASEAN Vision 2020**

Sa taong 2020, ang ASEAN ay inaasahang makapagtatag ng mapayapa at matatag na Timog Silangang Asya kung saan ang bawat bansa ay mapayapa at malayo sa anumang dahilan ng hidwaan sa pamamagitan ng nananatiling paggalang sa katarungan at paghahari ng batas at sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pambansa at rehiyonal na katatagan. Hangarin ng ASEAN 2020 na higit na palakasin ang pagsasamang pang- ekonomiya, paliitin ang agwat sa antas ng pag- unlad ng mga bansang kasapi, at tiyakin na ang sistema ng *multilateral* na kalakalan ay manatiling patas at bukas, habang nagkakamit ng kakayahan sa pandaigdigang kompetisyon. Sa ganitong paraan, ang ASEAN ay makalilikha ng matatag, maunlad at may kakayahang makipagkompetensya ang ASEAN Economic Region kung saan may malayang daloy ng mga kalakal, serbisyo at pamumuhunan, mas malaya ang daloy ng kapital, pantay na pag-unlad ng ekonomiya at mabawasan ang kahirapan at *socio- economic disparities.*

Tinitiyak na ang ASEAN ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa internasyonal upang maisulong ang mga karaniwang interes ng mga mamamayan. Hangarin ng ASEAN na mapaigting ang relasyon sa mga Dialogue Partners nito at iba pang mga organisasyong panrehiyon batay sa pantay na pakikipagsosyo at paggalang sa isa't isa.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa mga nabanggit na tagumpay ang masasabi mong bahagi ang Pilipinas? Bakit?
2. Sa iyong palagay, natupad ba ng ASEAN 2020 Vision ng hangarin nito para sa Timog-Silangang Asya? Kung oo, paano mo nasabi? Kung hindi, bakit?
3. Paano nakatulong ang ASEAN bilang nag-iisang organisasyon sa mga kasaping bansa ng Timog-Silangang Asya sa usaping panlipunan, pampulitika, at pangkabuhayan?

**Gawain 1: Pagtugon sa mga Hamon Kaagapay ang ASEAN**

Panuto: Lumikha ng isang panawagang magpapahayag o magpapakita ng iyong paninindigan o panawagan sa alinmang sa mga isyung nararanasan ng Pilipinas

| | | |
|---|---|---|
| | at iba pang mga kasapi ng ASEAN. Ang panawagan ay maaring nasa isa o dalwang talata.<br><br>Mga isyu na maaring maging paksa ng slogan:<br>1. Agresibong pagkilos ng mga Chinese Vessels sa Exclusive Economic Zone ng Pilipinas sa West Philippine Sea.<br>2. Mataas na kaso ng Child labor sa ilang mga kasaping bansa ng ASEAN<br>3. Mga paglabag sa karapatang pantao ( Hal. extrajudicial killing sa Pilipinas)<br>4. Pagkagumon ng mga kabataan sa vape<br>5. Maraming taong nakararanas ng gutom | |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto Gawain 1: ASEAN at a Glance (Constructivism)**<br>Panuto: Basahin at pag- aralan ang nilalaman ng tsart at sagutin upang higit na madagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa ASEAN.<br><br><br>Batay sa mga datos na nilalaman ng tsart, ano-ano ang mga tagumpay na nakamit ng ASEAN sa pagdaan ng panahon?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Pagnilayan ang tanong: Ano kaya ang kalagayan ng Timog Silangang Asya kung hindi naitatag ang ASEAN? | Ipapabasa sa mga mag-aaral ang tsart para sa dagdag na kaalaman. Maaari ring ipaprint at idikit sa kwaderno o kaya naman ay ipasulat sa kwaderno ang mahahalagang tala tungkol sa ASEAN.<br><br>Sa puntong ito, ang guro ay inaasahang ipoproseso ang sagot ng mag- aaral upang higit na malinang ang napapanahong kaalaman tungkol sa ASEAN.<br><br>Maaring talakayin sa mga isyu ang kinaharap at kinakaharap ng mga bansang kasapi ng ASEAN.<br><br>Maaring sagot ay may mga sigalot na maghahati-hati sa mga bansa sa TSA. Hindi magkakaroon ng pagkakaunawaan ng pagkakaiba-iba ng kultura at maaring magkanya-kanya sa pagpapaunlad ng sariling ekonomiya. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| A. Pagtataya | **1. Pagsusulit**<br>**1.** Ito ay isang kapisanang binubuo ng mga bansa sa Timog Silangang Asya na itinatag ito noong Agosto 8, 1967.<br>a. Asia Cooperation Dialogue (ACD)<br>b. Asia Pacific Parliamentary Forum (APPF)<br>c. Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)<br>d. Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC)<br>2. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng pagtupad sa layunin na isinasaad sa ASEAN ng mga bansang kasapi nito?<br>a. Patuloy na nagtutulungan ang bansa sa pagpapayaman ng kultura.<br>b. Pinapaunlad ang pangkabuhayang kalagayan ng bawat bansa sa ASEAN.<br>c. Tinutulungan sa oras ng kagipitan tulad ng pagpapautang.<br>d. Iginagalang ang pagkakaiba-iba ng bawat bansang kasapi ng ASEAN.<br>3. Mula sa tatlong haligi o pillars ng ASEAN na nabanggit, anong pillar ng ASEAN ang sumasaklaw sa isyu ng Pilipinas sa West Philippine Sea?<br>a. Political Security Community<br>b. Political Security Community<br>c. Economic Community<br>d. Socio-Economic Community<br>4. Paano nagagampanan ng ASEAN ang layuning paunlarin ang ekonomiya ng bawat bansang kasapi?<br>a. Malimit na mag-angkat ng produktong petrolyo ang Iran sa Pilipinas.<br>b. Tinitiyak na hindi magkakaroon ng digmaan sa pagitan ng mga bansang kasapi<br>c. Kasunduan sa pagitan ng kasaping bansa sa pagpapaunlad ng hanapbuhay.<br>d. Paninindigan sa mga isyung politikal na kabilang ang mga bansang kasapi<br>5. Ang ASEAN ay binibigyang inspirasyon at pinag-isa sa ilalim ng isang adhikain. Ano ang motto ng ASEAN?<br>a. “It’s your world.”<br>b. “One Vision, One Identity, One Community.”<br>c. “Advancing Free Trade for Asia-Pacific Prosperity.”<br>d. “Creating a Resilient and Sustainable Future for All.” | **Mga Tamang Sagot**<br>1. c<br>2. b<br>3. a<br>4. c<br>5. b |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>**Gawain: NEWSPAPER**<br>(North- East- West- South- Past- And- Present- Events- Report)<br>Panuto: Kumuha ng isang balita na may kaugnayan sa ASEAN. Gamit ang akronim ng NEWSPAPER, isulat ang nilalaman ng balita. Tukuyin ang lugar kung saan ito naganap (NEWS) at ang kabuuan ng report. Iugnay ito sa nakaraang pangyayari sa ASEAN at kung ano ang kaganapan sa kasalukuyan (PAPER). | Ilalagay ang takdang aralin sa isang typewriting paper. ( depende sa guro ang pamantayan sa pagmamarka na may rubrik) |

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br><br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
|---|---|---|---|---|
| | Estratehiya | | | |
| | Kagamitan | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pakikilahok ng mga Mag-aaral | | | |
| | At iba pa | | | |
| C. Pagninilay | Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |